SUPORTA SA MALIIT NA NEGOSYO

MAG-CLICK DITO
O
TUMAWAG NGAYON SA
(206) 256-5200

NARITO ANG SEATTLE CITY LIGHT PARA TULUNGAN ANG IYONG MALIIT NA NEGOSYO

Naapektuhan ba ng COVID-19 ang iyong negosyo o non-profit? Nauunawaan namin na ang bawat maliit na negosyo ay nakakaranas ng iba't ibang hamon sa panahong ito. Narito ang aming mga team para tulungan ang iyong negosyo sa pamamagitan ng pagbigay ng mga opsiyon para pinakamainam na matugunan ang iyong mga kinakailangan.

Tulong sa bill

- Makikipagtulungan kami sa iyo para gumawa ng plano sa pagbabayad

Libreng virtual na pagsusuri ng kuryente

- Maghanap ng mga paraan para makatipid sa bill ng kuryente
- Matuto tungkol sa mga insentibo para sa mga proyekto sa kuryente

Kwalipikasyon

Available ang pagpapaliban ng bill para sa lahat ng mga pang-negosyong customer.

Available ang libreng virtual na pagsusuri ng kuryente sa lahat ng pang-negosyong customer sa small o medium na rate ng pangkalahatang serbisyo hanggang sa 200kW, ngunit hindi kasama ang mga gusali para sa maraming pamilya at mga pambansang franchise o chain. Gagawa ng mga pagbubukod ayon sa mga indibidwal na kaso para sa mga negosyong may lokal na pagmamay-ari na may mga empleyadong mas kaunti sa 100 ang bilang.

Paano mag-sign up

Mag-click sa link sa kanan o i-scan ang QR code para magsimula. Kailangan mo ang iyong account number sa Seattle City Light na may 10 numero—mahahanap mo ito sa iyong bill. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa aming mga Tagapayo sa Serbisyo para sa Mga Pang-negosyong Customer para sa tulong sa (206) 256-5200 o SCL_BusinessServices@seattle.gov.

Kung nais mong makipag-usap sa ibang wikang maliban sa Ingles kapag tumawag ka, sabihin ang wikang kailangan mo (hal., "Tagalog, please!" o "Filipino, please!") kapag sumagot ang tagapayo, at ikokonekta ka niya sa isang tagasalin.

tinyurl.com/SCL-SB

Mahalaga! Sinara mo ba ang iyong negosyo at kailangang ikansela nang permanente ang iyong serbisyo?

Kailangan mong isara ang iyong account sa City Light, o patuloy kang makakatanggap ng mga bill. Mangyaring makipag-ugnayan sa mga Tagapayo sa Serbsiyo para sa Mga Pang-negosyong Customer sa (206) 256-5200 o SCL_BusinessServices@seattle.gov.

Seattle City Light

seattle.gov/light

SLD SB-COVID 052620